Ang Binagong Kurikulum

Paano namin tatasahin ang inyong anak at iulat sa inyo

Impormasyon para sa Mga Magulang ng mga Mag-aaral
sa Primarya 2008/09

Department of
Education
www.deni.gov.uk

AN ROINN
Oideachais

MÄNNYSTRIE O
Lear

INVESTOR IN PEOPLE

Mahal na Magulang,

Ang polyetong ito ay naglalarawan sa inyo kung paano makakaapekto sa edukasyong tinatanggap ng inyong anak ang binagong kurikulum. Nakapagbisita ako sa maraming paaralan at direktang nakita kung paano ito nakapagbibigay ng pleksibilidad sa mga guro na matugunan ang mga pangangailangang pang-edukasyon ng lahat ng ating mga anak.

Mahahalaga ang unang mga taon sa edukasyon ng mga bata, at dahil dito dinisenyo ang Foundation Stage upang matulungan na mapahusay ang kakayahan sa pagbasa at pagsulat na mapapakinabangan nila sa buong buhay nila. Habang sumusulong ang inyong anak sa mga taon sa paaralang primarya, ipakikilala at pauunlarin ang mga bagong kasanayan sa bilis na angkop sa kanilang mga pangangailangan at kahusayan.

Ang binagong kurikulum ay naglalaman ng lahat ng mahahalagang bahaging kakailanganin ng inyong anak sa paghahanda sa kanila sa paaralang kasunod ng primarya at tiwala akong patuloy na ipapatupad ito ng ating mga Prinsipal at guro sa pinakamainam na kapakanan ng lahat ng ating mga anak.



Caitríona Ruane
Ministro ng Edukasyon

Binagong Kurikulum

Ipinakikilala ang binagong kurikulum ng paaralan, na sumasaklaw sa pitong taon sa paaralang primarya (Taon 1 hanggang 7) at sa unang limang taon sa paaralang kasunod ng primarya o post-primary school (Taon 8 hanggang 12) gaya ng sumusunod:

Taong Akademiko	Binagong kurikulum para sa mga Pangkat ng Taon
2007/08	Taon 1,5,8,11
2008/09	Taon 2,6,9,12
2009/10	Taon 3,4,7,10

Sa Hunyo 2012, ang mga paaralan ay may pinakamababang tatlong taon na sa pagpapatupad para sa bawat pangkat ng taon.

Bakit binagong kurikulum? Ano ang mga benepisyo para sa aking anak?

Namumuhay tayo sa nagbabagong panahon at kailangang makibagay rito ang kurikulum ng paaralan. Ang binagong kurikulum ay mas mainam na maghahanda sa inyong anak para sa buhay at trabaho sa ikadalawampu't isang siglo, na

magbibigay sa kanila sa edukasyon at kakayahang kailangan nila.

Ang ilang mga bagay ay hindi nagbabago. Ang mga bahaging sinasaklawan ng binagong kurikulum ay halos kapareho sa mga sinaklawan ng nakaraang kurikulum. Ang pagpapahusay sa kaalaman at pag-intindi ng inyong anak ay magpapatuloy na maging prayoridad. At magkakaroon ng matamang pagtutuon sa pagbasa, pagsulat at matematika, na mga susi sa kaunlaran ng inyong anak sa edukasyon at sa darating na buhay.

Ang nagbabago ay ang, di katulad sa nakaraang kurikulum, nilalaman para sa bawat bahagi ay hindi inilarawan nang napakadetalyado. May mas malawak na pagpapahalaga na ngayon sa pagpapahusay sa mga kakayahan na kailangan ng inyong anak – iyan ay, kung ano ang magagawa nila, hindi lang kung ano ang alam nila at naiintindihan.

Ang ibig sabihin ng Foundation Stage ay mas madali para sa mga guro na bigyan ng mga oportunidad ang inyong mga anak na matuto sa mga praktikal na paraan habang nagsisimula siya sa paaralan, halimbawa, nagsasangkot sa mga isinaayos na mga aktibidad sa laro. Makakatulong ito sa kanila na mapahusay ang kanilang mga kakayahan sa literasiya at numerasiya, kabilang ang kanilang pagbasa at ang kanilang ginagamit na wika. Nangangahulugan ito na makakatulong ang mga guro sa inyong anak na matuto sa nakakaaliw na paraan, paghuli sa kanilang mga imahinasyon at tumutulong sa kanilang maaliw sa pagkatuto.

Dahil hindi namin idinidesinyo ang nilalaman ng kurikulum sa mas maraming detalye, ang mga paaralan/ guro ay may higit na pleksibilidad sa kung paano nila tutuparin ang kurikulum upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga bata.

Ang mga guro, sa pagtupad sa binagong kurikulum, ay magpapatuloy sa pagtuon sa pagtulong sa inyong anak na umunlad sa lahat ng bahagi ng kurikulum at tutulong sa pagpapahusay sa mga kakayahan ng inyong anak. Kabilang dito ang iba;t ibang uri ng kakayahan na hinahanap ng mga employer, tulad ng mahahalagang kakayahan sa pagbasa, pagsulat at matematika sa ICT (Information and Communications Technology), sa abilidad sa maayos na pakikipag-usap, pakipagtulungan sa iba at paglutas sa mga problema.

Ang lahat ng ito ay mas mainam na maghahanda sa inyong anak sa buhay at trabaho sa nagbabagong mundo.

Lahat ng bata ay may karapatan sa malawak at balanseng edukasyon, na makukuha nila sa pamamagitan ng binagong kurikulum. Para sa mga batang nakakaranas ng kahirapan sa pagkatuto, makikipagtulungan ang mga guro sa inyo bilang mga magulang upang malaman ang mga pangangailangan ng mga bata at gagawa ng hakbang upang matugunan ang mga ito. Kung ang inyong anak ay may espesyal na pangangailangang pang-edukasyon, bilang resulta ng kahirapan sa pagkatuto, magtatalaga ang paaralan ng programa sa indibidwal na edukasyon. Kung ang

mga espesyal na pangangailangang pang-edukasyon ay napakabuluhan, maaaring hihingi ang paaralan ng payo, suporta o pagtatasa mula sa lokal na Education and Library Board.

Ano ang mga bahaging sasaklawan ng binagong kurikulum?

Bukod sa Edukasyong Panrelihiyon, ang mga bahaging sinasaklawan ng binagong kurikulum ay:

Primarya
Lenggwahe at Literasiya
Matematika at Numerasiya
Ang Sining (Sining at Desinyo, Drama at Musika)
Ang Mundo Sa Paligid Natin (Heograpiya, Kasaysayan, Agham at Teknolohiya)
Personal na Pagpapaunlad & Pagkaka-intindihan sa Isa't Isa
Edukasyong Pangkatawan

Magbabago ang detalyadong nilalaman ng binagong kurikulum habang sumusulong ang inyong anak mula sa isang Key Stage tungo sa iba. Ang Key Stages ay:

Foundation Stage	Taon 1 at 2 sa paaralang primarya
Key Stage 1	Taon 3 at 4 sa paaralang primarya
Key Stage 2	Taon 5, 6 at 7 sa paaralang primarya
Key Stage 3	Taon 8, 9 at 10 sa paaralang kasunod ng primarya
Key Stage 4	Taon 11 at 12 sa paaralang kasunod ng primarya

Ito ang 12 taon kung kailan ang inyong anak ay kailangang mag-aral. Pagkatapos ng Key Stage 4, maaari silang pupunta sa pang-anim na form ng paaralan o sa kolehiyo ng karagdagang edukasyon, o kumuha ng pagsasanay o trabaho.

Pagtatasa sa Pag-unlad ng Inyong Anak

Ang inyong anak ay patuloy na tatasahin ng kanilang klase o guro ng asignatura upang malaman ang kanilang pagganap sa paaralan. Tumutulong ito sa mga guro na makita

kung anong pag-unlad ang nagawa ng inyong anak, kabilang ang kung ano ang madali o mahirap sa inyong anak. Nagbibigay rin ito ng impormasyon kung aling paaralan ang makakaulat sa inyo. Nakakatulong din ito sa guro sa pagplano kung paano tutulungan ang inyong anak na makakagawa ng karagdagang pag-unlad. Nagbibigay ito ng impormasyon upang matulungan ang mga nakakatandang mga bata na pumili tungkol sa mga hakbang sa eksaminasyong susundin nila at ang mga kwalipikasyon at karerang hinahanap nila.

Ang mga guro ay magpapatuloy sa pagtasa sa inyong mga anak sa iba't ibang bahagi ng kurikulum. Ito ay upang malaman kung anong kaalaman at pag-intindi ang nakuha ng inyong anak sa panahon ng taon ng panuruan. Maaaring gumamit ang mga guro ng iba't ibang paraan upang matasa ang mga bata at maaaring gagamit ng iba't ibang form ng pagtatasa upang matulungan sila na makita kung nasaan ang inyong anak sa iba't ibang punto ng taon ng panuruan.

Sa mga mahahalagang bahagi sa Lenggwahe & Literasiya at Matematika & Numerasiya, ang mga guro sa kasalukuyan ay nagsasagawa ng mga pagtatasa upang makita ang pag-unlad na nagawa ng inyong anak sa mga tiyak na antas. (Sa dulo ng Key Stages 1, 2 at 3, ang mga bata ay inaasahan na nakarating sa mga tiyak na antas.)

Gagawa kami ng ilang pagbabago sa kaayusan sa pagtatasa kapag handa na ang binagong kurikulum para sa lahat ng bata sa Taon 1 hanggang 12.Ito ay upang mailarawan ang pagtuon sa kurikulum sa mga kinakailangang kakayahan, gaya ng komunikasyon at paggamit ng matematika. Ang pagtatasa ay sa mga antas na may kaugnayan sa mga kakayahang ito. Magbibigay ito ng kaalaman sa inyo kung paano gumanap ang inyong anak at kung narating nila ang antas na inaasahan sa kanilang edad sa mga bahagi gaya ng pagbasa, pagsulat at matematika. Makakakuha kayo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga antas na ito bago gamitin ang mga ito sa pagtasa sa inyong anak. Ang mga bata sa Irish-medium schools o units ay patuloy na tatasahin sa pamamagitan ng medium of Irish.

InCAS sa mga paaralang primarya

Ang Interactive Computerised Assessment System (InCAS) ay tumutulong sa mga guro sa paaralang primarya kung ano ang madali o

mahirap sa inyong anak sa mga mahahalagang bahagi sa pagbasa at matematika. Ang mga pagtatasang ito ay isinasagawa sa autumn term (Setyembre hanggang Disyembre) upang maagang makita ng mga guro ang resulta sa taong panuruan. Kukumpletuhin ng mga ito ang anumang iba pang form ng pagtatasa na ginagamit ng paaralan. Isasama nila ang resulta sa reading age at resulta ng mathematical age para sa inyong anak, na nagpapakita sa kanilang pagganap para sa kanilang edad. Tutulong ito sa mga guro sa pagpasya kung paano tutulong sa inyong anak na gagawa ng karagdagang pag-unlad.

Ang mga bata sa tiyak na pangkat ng taon sa paaralang primarya ay makakatanggap ng pagtatasa sa InCAS.

Taon ng Panuruan	Mga Grupo ng Taon na tumatanggap ng pagtatasa sa InCAS sa autumn term
2008/09	Taon 5 at 6
2009/10 pasulong	Taon 4, 5, 6 at 7

Kung ang inyong anak ay nasa pangkat ng mga taong ito, gagawin nila ang pagtatasang ito sa isang computer sa panahon ng karaniwang oras ng klase. Hindi ito isang pormal na pagsusulit. Ang mga bata sa Irish-medium schools at units ay makakagawa sa pagtatasa sa pamamagitan ng medium of Irish.

Pag-uulat sa Inyo tungkol sa Pag-unlad ng Inyong Anak

Makakatanggap pa rin kayo ng taunang ulat sa dulo ng bawat taon ng panuruan. Magsasabi ito sa inyo kung paano ang pagganap ng inyong anak sa iba't ibang bahagi ng kurikulum, kabilang ang pagpapahusay sa kakayahan sa komunikasyon at paggamit ng matematika.

Kung ang inyong anak ay nasa pangkat ng taon na gumagawa ng pagtatasa sa InCAS, aalukin kayo ng pagpupulong sa paaralan at ang mga resulta ng pagtatasa ay tatalakayin sa inyo sa autumn term ng taon ng panuruan – hindi na muling ipakita ang mga ito sa taunang ulat dahil magaganap ito sa dulo ng taon ng panuruan.

Sa loob ng susunod na dalawang taon ang higit na istandard na format ay ipapakilala para sa taunang ulat. Minsan ito ay kilala bilang pupil profile. Ibig sabihin nito na alinmang paaralan pupunta ang inyong anak, ang ulat ay may kaparehong anyo.

Ang ilang magulang ay magkakaroon na kaagad ng taunang ulat sa istandard na format sa Hunyo 2008. Mula Hunyo, 2009, makukuha ninyo ang kagayang ulat kung ang inyong anak ay nasa Taon 1, 2, 5 at 6. Mula Hunyo 2010 ang mga magulang ng lahat ng mga bata sa Taon 1 hanggang 7 ay makakatanggap ng taunang ulat sa istandard na format.

Suporta para sa mga Paaralan at Guro

Ang mga guro ay tumatanggap ng pagsasanay, at mga materyales sa pag-aaral at ibinibigay ang mga suporta upang tulungan ang lahat ng paaralan na ipatupad ang binagong kurikulum at isasalugar ang kaayusan sa pagtatasa at pag-uulat. Bukod dito, ang mga paaralan sa primarya ay tumatanggap ng karagdagang suporta para sa mga asistante sa silid-aralan at mga materyales upang matulungan sila na matugunan ang mga partikular na rekisitos sa kurikulum para sa mga bata sa Taon 1 at 2.

Ano pa ang nangyayari?

Ang Ministro ng Edukasyon, si Caitríona Ruane, ay nakagawa ng mga panukala tungkol sa kung paano lilipat ang mga bata mula primarya hanggang sa paaralag kasunod ng primarya mula 2009/10 pasulong.

Ang kaayusan sa paglipat ay hindi makakaapekto nang negatibo sa binagong kurikulum o sa mga gurong magtuturo sa isang pagsusulit. Ito ang prayoridad ng Ministro at tatanggap kayo ng impormasyon tungkol sa form na ito mula sa Kagawaran sa panahon ng paglipat sa 2010. Lahat ng paaralan ay magpapatupad sa binagong kurikulum at sa kaayusan pagtatasa at pag-uulat.

Saan ako makakahanap ng karagdagang impormasyon?

Makakatanggap kayo ng impormasyon tungkol sa mga pagbabago habang umeepekto ito sa inyong anak. Makakakuha rin kayo ng karagdagang impormasyon sa website ng Kagawaran ng Edukasyon sa: *www.deni.gov.uk*. Kung gusto ninyong makakita ng karagdagang detalye tungkol sa binagong kurikulum, pagtatasa at kaayusan sa pag-uulat, makakabisita kayo sa website ng binagong kurikulum sa: *www.nicurriculum.org.uk*.

Kagawaran ng Edukasyon
Setyembre, 2008